# Libreng Pangkaraniwang Pangangalaga ng Ngipin para sa mga Karapat-dapat na Nakatatanda

Ang Programang Pangangalaga ng Ngipin ng mga Nakakatanda ng Ontario (OSDCP) ay nagkakaloob ng mataas ang kalidad na pangangalaga ng ngipin sa lahat ng nakatatandang kuwalipikado.

### Sino ang karapat-dapat?

Ikaw ay maaaring karapat-dapat kung ikaw ay:

- 65 taong gulang o mas matanda
- Residente ng Ontario
- May taunang netong kita na $25,000 o mas mababa para sa walang asawang nakatatanda o pinagsamang taunang netong kita na $41,500 o mas mababa para sa mag-asawa
- Walang ibang anyo ng mga benepisyo para sa ngipin, na hiwalay sa Canadian Dental Care Plan (CDCP), na kabilang ang pribadong insurance o pagsaklaw para sa ngipin sa ilalim ng ibang programa ng pamahalaan tulad ng Ontario Works, Ontario Disability Support Program o Non-Insured Health Benefits. Ang mga kliyente ay maaaring kuwalipikado para sa CDCP at kuwalipikado pa rin para sa OSDCP sa kondisyon na ang kliyente ay nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat.

### Saan ako makakakuha ng pangangalaga sa ngipin?

Ang mga serbisyong pangangalaga sa ngipin ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng mga Yunit ng Pampublikong Kalusugan (PHU) at kalahok na Community Health Centres (CHC), Aboriginal Health Access Centres (AHAC), gayon din ng naililipat na mga klinika para sa ngipin sa ilang lugar.

### Anu-anong mga serbisyo ang sinasaklaw?

- Mga pagsusuri at pagtasa
- Mga serbisyong pampigil
- Mga serbisyong pagpapanumbalik upang ayusin ang mga sirang ngipin at cavity
- Pag-opera sa bibig upang tanggalin ang ngipin o hindi normal na tisyu
- Mga X-ray
- Anesthesia
- Mga serbisyong endodontic upang gamutin ang impeksyon at pananakit
- Mga serbisyong periodontal upang gamutin ang mga kondisyon at sakit ng gilagid.

### Paano ang tungkol sa mga pustiso?

Ang mga serbisyong prosthodontic, kabilang ang pustiso, ay sasaklawin nang hindi buo. Mangyaring makipag-usap sa iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan para sa karagdagang impormasyon.

### Paano ako dapat mag-aplay?

May ilang opsyon para sa pag-aaplay para sa Programang Pangangalaga ng Ngipin ng Nakatatanda ng Ontario:

- Mag-aplay online sa **ontario.ca/SeniorsDental**
- Ilimbag, punuan, at ipadala ang iyong aplikasyon
- Bisitahin ang iyong lokal na Yunit ng Pampublikong Kalusugan o kalahok na CHC o AHAC upang kumuha ng isang form ng aplikasyon at/o kumuha ng suporta sa pagkumpleto ng aplikasyon.

### Ano ang mangyayari kung aprubahan ako

Sa sandaling aprubahan ang iyong aplikasyon, padadalhan ka ng isang welcome package at isang dental card. Upang tumanggap ng mga serbisyo, ipakita ang card na ito sa Yunit ng Pampublikong Kalusugan, Sentro ng Kalusugan ng Komunidad o Aboriginal Health Access Centre na nagkakaloob ng serbisyo.

Bibigyan ka ng paunawa bawat taon ng iyong pagiging karapat-dapat para sa patuloy na paglahok sa programa, o tungkol sa kung paano muling mag-aaplay sa programa kung iyon ay kinakailangan.

### At kung kailangan ko ng tulong?

Tumawag sa 416-916-0204
Walang-Bayad 1-833-207-4435
TTY 1-800-855-0511

Ontario

**TAGALOG** – FREE ROUTINE DENTAL CARE FOR ELIGIBLE SENIORS. Publication No. (301555). ISBN 978-1-4868-8125-3. PDF. Updated August 2024. © King's Printer for Ontario, 2024.